
kanya ng mga taga-Metro Manila ay mga ahente pala. Itinuro sya. Ang siste raw nito, noong nasa Q.C. sila, hindi kilala ang makakasamang kolektib. Ganoon naman talaga sa umpisa, hindi agad nasusuring mabuti ang mga pangyayari. Mabilis ang mga pangyayari. Kay daming mga bagong gawain na hindi pa nahihimay at nasisinop. Malakas ang banatan sa loob mismo ng partido. Kailangan ang mga struggle para sa paglilinaw. May mga intriga. Ang tingin ni Mon ay puro iligal na gawain lang ito. Hindi nakayanan ang presyur, kaya sabi nya'y nag-resign sya sa partido. (Ang isang bersyon ay sinipa sya sa partido noong nakulong sya. Si Satur Ocampo ang nag-abot sa kanya ng pasya.)

Kahit ang mag-asawang Ada at Mando, minarkahan din dahil nga sa kaibigang si Mon. Nagkaroon ng death threat kay Mon. Naharang daw iyon ni Mando. Tinangka ni Mando na pabalikin sa kilusan si Mon, mag-aayos sya ng isang pulong na magkaharap sina Mon, Joma at Benny. Sa gulo man ay may mahahalagang leksyon ding natututunan. Doon nahasa ang tatag ni Mando. Sabi nito'y "Kailangan ng pasensya, ng pang-unawa, habang pinipino ang mga punto ng hindi pagkakaunawaan. Kailangan ng pagkakaisa para maresolba ang problema."

Naikwento rin ni Mon, na noong panahon ng Diliman Commune sa U.P. noong 1971, ang grupo rin nila ang nagpuslit ng mga mimeographing machine pati na mga stencil para nga sa commune. Ikinwento rin ni Mon, na sila ang umugnay sa ama ni Ada. Saka sya nagtawa nang nagtawa habang nagkukwento.

Noon naalala ni Mon, na noong una silang nagpultaym at nag-organisa sa Quezon City, wala talaga silang makain. Ang kadalasan nga nilang inuulam ay Ligo (sardines). Madalas walang almusal. Naranasan din nilang ilang beses na hindi kumain sa maghapon. Sabi ni Mon, diyan naman daw nya nakuha ang kanyang tipus noong panahong iyon. Yung iba naman daw ay tinamaan ng amoebiasis. Nakuha nila iyon sa kapaligiran ng pamayanan ng maralitang taga-lungsod. Hindi sila nakatitiyak sa linis ng iniinom nilang tubig. Kahit noon pa pala, nag-aaral na si Mando ng bisa at epekto ng mga gamot na herbal. Nag-aral din ito ng acupuncture, at noong nagkasakit, pati medical books tungkol sa sakit sa bato ay pinag-aralan na rin.

# ARMANDO



JUN CRUZ REYES

AVHRC
AMADO V. HERNANDEZ RESOURCE CENTER